



LakoLog

User Guide

Gabay sa Paggamit ng LakoLog

Para sa mga may tindahan, lako, at home-based na negosyo. Sundan ang bawat hakbang at magsimula nang mag-track ng benta, stock, utang, at gastos — mula sa iyong phone.

FREE TO USE

Libre palagi

WORKS OFFLINE

Kahit walang internet

NO SIGN-UP

Walang account needed

NILALAMAN

Table of Contents

01	Opening the App for the First Time	03
02	Installing LakoLog on Your Phone	04
03	Adding Your Products / Inventory	05
04	Recording a Sale	06
05	Tracking Utang (Credit)	07
06	Logging Your Expenses	08
07	Viewing Stats & Reports	09
08	Upgrading to Premium	10

Paalala: Ang LakoLog ay isang Progressive Web App (PWA). Hindi ito makikita sa App Store o Google Play — i-access mo lang ito sa browser mo at i-install sa home screen. Mas madali yan kaysa sa akala mo!

SECTION 01

Opening the App for the First Time

Ganito ang gagawin mo sa unang pagkakataon na buksan mo ang LakoLog:

1**Buksan ang iyong browser**

- Sa iPhone: gamitin ang Safari
- Sa Android: gamitin ang Chrome
- Tip: Works din sa ibang browsers pero mas maganda ang Safari at Chrome para sa LakoLog

2**I-type ang address ng app**

- I-type ito sa address bar ng iyong browser:
- lakolog2026.github.io/LakoLog
- O i-click ang link mula sa social media o sa email

■ Mag-bookmark ka na agad para hindi mo na kailangang i-type ulit sa susunod!

3**Hintayin na mag-load ang app**

- Makikita mo ang LakoLog home screen pagkatapos ng ilang segundo
- Kung mabagal ang internet mo, okay lang — mag-lo-load din ito
- Pagkatapos ng unang pag-load, gumagana na ito kahit walang internet

4**Handa ka na!**

- Sa unang pagbubukas, makikita mo ang home screen ng LakoLog
- Maaari ka nang magsimulang mag-add ng products at mag-record ng benta
- Libre ang paggamit — hanggang 6 na produkto

■ *Hindi kailangan ng account o password. Ang lahat ng iyong data ay naka-save sa iyong phone mismo — hindi sa cloud.*

SECTION 02

Installing LakoLog on Your Phone

Para laging madaling buksan ang LakoLog — tulad ng isang normal na app — i-install mo ito sa home screen ng iyong phone. Libre at hindi kailangan ng App Store.

Para sa iPhone (Safari)

1**Buksan ang lakolog2026.github.io/LakoLog sa Safari**

- Hindi gagana ang pag-install kung hindi Safari ang browser mo sa iPhone

2**I-tap ang Share button**

- Hanapin ang icon na parang kahon na may arrow pataas (■)
- Nasa ibaba ng screen ito sa iPhone

3**I-scroll pababa at piliin ang "Add to Home Screen"**

- Makikita mo ang listahan ng options — i-scroll pababa
- I-tap ang "Add to Home Screen"

4**I-tap ang "Add"**

- Makikita mo ang preview ng app name at icon
- I-tap ang "Add" sa kanang sulok sa itaas
- Tapos na! Makikita mo na ang LakoLog icon sa iyong home screen

■ Kapag na-install na, buksan mo ang LakoLog mula sa home screen — mas malinis ang view at mas mabilis pa!

Para sa Android (Chrome)

1**Buksan ang app sa Chrome browser**

- I-type ang lakolog2026.github.io/LakoLog sa Chrome

2**I-tap ang tatlong tuldok (menu) sa kanang sulok sa itaas**

- Makikita mo ang "... " o tatlong patayong tuldok
- I-tap ito para buksan ang Chrome menu

3**Piliin ang "Add to Home screen" o "Install app"**

- Depende sa iyong Android version, isa sa dalawa ang makikita mo
- I-tap ang opsyong iyon

4**I-tap ang "Add" o "Install"**

- Magko-confirm ang Chrome — i-tap ang Add o Install
- Makikita mo na ang LakoLog sa iyong home screen!

SECTION 03

Adding Your Products / Inventory

Bago ka makapag-record ng benta, kailangan mo munang i-add ang iyong mga produkto. Ito ang listahan ng lahat ng item na ibinibili o ibinibenta mo.

1**I-tap ang "Stock" sa navigation bar sa ibaba**

- Makikita mo ang icon na kahon (■) sa ibaba ng screen
- Ito ang iyong inventory section

2**I-tap ang "+" button para mag-add ng bagong produkto**

- Makikita mo ang malaking plus button
- I-tap ito para buksan ang form

3**Punan ang detalye ng produkto**

- Product Name — pangalan ng item (hal. Milo 330ml, Yosi Marlboro, Bigas 1kg)
- Category — uri ng produkto (hal. Beverages, Food, Personal Care)
- Buy Price — magkano ang binili mo (iyong cost)
- Sell Price — magkano ang ibinibenta mo sa customer
- Current Stock — ilan ang meron ka ngayon
- Low Stock Alert — kung ilan na ang stock bago ka mag-alerto

■ I-set mo ang Low Stock Alert para aabisuhan ka kapag malapit nang maubos ang stock mo!

4**I-tap ang "Save"**

- Makikita mo na ang produkto sa iyong inventory list
- Ulitin para sa lahat ng iyong mga produkto

■ *Free users: hanggang 6 na produkto lang. Mag-upgrade sa Premium para sa unlimited na produkto.*

SECTION 04

Recording a Sale

Tuwing may bumibili sa iyo, i-record mo agad ang benta para updated lagi ang iyong sales history at profit computation.

1**I-tap ang "Sales" sa navigation bar**

- Hanapin ang icon na pera (■) sa ibaba
- Ito ang iyong sales section

2**I-tap ang "+" para mag-record ng bagong benta**

- I-tap ang plus button para mag-open ng sale form

3**Piliin ang produktong nabenta**

- I-tap ang "Add Item" at hanapin ang produkto
- Ilagay ang quantity (ilan ang nabenta)
- Maaaring mag-add ng discount kung may promo ka

4**Piliin ang paraan ng bayad**

- Cash — bayad agad ng customer
- Utang — utangin muna, bayad mamaya (automatic na lulumabas sa Utang tracker)

5**I-tap ang "Record Sale"**

- Tapos na! Ang benta ay naka-save na
- Ang stock mo ay automatic na magbabawas
- Ang profit mo ay automatic na mag-a-update sa Home screen

■ Pwede kang mag-add ng notes sa bawat benta — hal. "binili ni Ate Rosa" para madaling hanapin mamaya.

SECTION 05

Tracking Utang (Credit)

Isa sa pinaka-importante na feature ng LakoLog — ang pagtrack ng utang. Hindi na kailangan ng notebook para malaman kung sino ang may utang at magkano pa ang hindi nabayaran.

1

Kapag nag-utang ang customer sa sale recording

- Sa step ng "paraan ng bayad", piliin ang "Utang"
- Ang sale ay automatic na madi-direct sa Utang tracker
- Lalabas ang pangalan ng customer at ang amount ng utang

2

Tingnan ang lahat ng utang — i-tap ang "Utang" sa nav bar

- Makikita mo ang listahan ng lahat ng may utang sa iyo
- Kasama ang pangalan, amount, at petsa ng utang

3

Kapag nagbayad na ang customer — i-tap ang kanyang pangalan

- Hanapin ang customer sa listahan
- I-tap ang kanyang pangalan para makita ang detalye

4

I-tap ang "Record Payment"

- Ilagay ang amount na binayad (pwedeng partial payment)
- I-tap ang "Save Payment"
- Automatic na mag-a-update ang balance ng customer

■ Pwede kang mag-add ng partial payments — hindi kailangan full payment agad! Mag-a-update ang remaining balance automatically.

5

Kapag fully paid na

- Automatic na mamarkahan ang utang na "Paid"
- Mananatili sa history para sa iyong records

■ Ang Utang tracker ay nagco-compute rin ng total outstanding amount — makikita mo sa isang tingin kung magkano ang lahat ng hindi pa nababayaranang utang sa iyo.

SECTION 06

Logging Your Expenses

Para malaman mo ang tunay na kita mo, kailangan mong i-track din ang iyong mga gastos — transportasyon, packaging, kuryente, at iba pa.

1**I-tap ang "Expenses" sa navigation bar**

- Hanapin ang icon na receipt (■)
- Ito ang iyong expense section

2**I-tap ang "+" para mag-add ng gastos**

- I-tap ang plus button para mag-open ng expense form

3**Punan ang detalye ng gastos**

- Description — ano ang gastos (hal. "Pamasahe papunta sa supplier")
- Amount — magkano ang ginastos
- Category — uri ng gastos (hal. Transportation, Packaging, Utilities)
- Date — kailan nagastos

4**I-tap ang "Save"**

- Naka-save na ang expense
- Automatic na ibabawas ito sa iyong profit computation sa Home screen

■ I-log mo ang lahat — kahit maliliit na gastos tulad ng plastic bags at rubber bands. Nagdadagdag-dagdag ito!

Mga halimbawa ng expenses na dapat i-track:

- | | |
|---------------------------------|-----------------------------------|
| ■ Transportasyon | ■ Packaging (plastic, paper bags) |
| ■ Kuryente/tubig | ■ Cleaning supplies |
| ■ Load/internet para sa negosyo | ■ Renta ng pwesto |
| ■ Pagkain habang nagtatrabaho | ■ Repairs at maintenance |

SECTION 07

Viewing Stats & Reports

Sa Stats section, makikita mo ang buong picture ng iyong negosyo — kung kumikita ka ba, aling produkto ang best-seller, at gaano kalaki ang iyong gastos.

1

I-tap ang "Stats" sa navigation bar

- Hanapin ang chart icon (■)
- Dito mo makikita ang lahat ng iyong business numbers

2

Tingnan ang iyong Home Dashboard

- Today's Sales — total na benta ngayon
- Today's Profit — estimated profit ngayon (benta minus cost at expenses)
- Outstanding Utang — total na hindi pa nababayaranang utang
- Low Stock Alerts — mga produktong malapit nang maubos

3

I-explore ang Stats section para sa mas detalyadong reports

- Best-selling products — aling item ang pinaka-maraming nabebenta
- Daily sales trend — paano nagbabago ang benta araw-araw
- Monthly totals — buod ng buwan
- Custom date range — piliin ang specific na petsa na gusto mong suriin

■ Gamitin mo ang Stats section tuwing Linggo para suriin ang nakaraang linggo. Aling produkto ang pinaka-maraming nabenta? Saan nagastos ang pera?

4

I-backup ang iyong data regularly

- Pumunta sa Settings (gear icon)
- I-tap ang "Backup Data"
- I-save ang file sa iyong phone o i-send sa iyong email
- Gawin ito linggu-linggo para hindi mawala ang iyong records

■ Nakaimbak ang iyong data sa iyong phone — hindi sa internet. Kaya importante ang regular na backup, lalo na kapag magpapalit ng phone.

SECTION 08

Upgrading to Premium

Libre ang LakoLog hanggang 6 na produkto. Kapag lumalaki na ang iyong negosyo at kailangan mo ng unlimited na produkto, pwede kang mag-upgrade sa Premium.

Free	Monthly Premium	Lifetime Premium
■0 Forever free	■99 per month	■299 one-time
Up to 6 products All basic features Offline access	Unlimited products All features Renew monthly	Unlimited products All features Never expires

1**Subukan munang maabot ang 6-product limit**

- I-add ang iyong mga produkto hanggang 7 na
- Automatic na lalabas ang upgrade screen

2**Pumili ng paraan ng bayad**

- GCash o Maya — i-scan ang QR code sa loob ng app, mag-fill out ng form, automatic na matatanggap ang license key sa email
- Card / PayPal — i-click ang Gumroad button, bayad online, automatic na matatanggap ang key

3**I-enter ang iyong license key**

- Hanapin ang "Already Purchased?" section sa upgrade screen
- I-paste ang license key mula sa email
- I-tap ang "Activate License Key"

4**Handa ka na — unlimited access na!**

- Automatic na mag-u-unlock ang lahat ng features
- Maaari ka nang mag-add ng kahit ilan pang produkto

■ Presko ang Lifetime plan kung madalas kang mag-negosyo — isang bayad na lang, walang monthly na aalalahanin!

Kailangan ng tulong? May katanungan? Mag-email sa lakolako.network@proton.me — sasagot kami sa lalong madaling panahon. Salamat sa paggamit ng LakoLog! ■ ■ ■